

# SULAT SA MGA TAGA-COLOSAS

Bandang taong 62, si Pablong nakabilanggo sa Roma ay sumulat sa mga Kristiyano ng Colosas, na humahamak kay Kristo nang di nila namamalayan.

Hindi na matatag ang kanilang pananampalataya kay Kristo at gusto nilang magdagdag ng mga gawaing panrelihiyon buhat sa Matandang Tipan: ang di-pagkain ng ilang mga kakanin, pati na marahil ang di-pag-inom ng alak, upang maging mas perpekto. Bukod dito, nagsisimula silang magpitagan sa "mga anghel"; ito ang tawag nila sa mga puwersang di-nakikita na, ayon sa kanila, ay nagtatakda ng kapalaran ng tao. Katulad nila ang mga mananampalataya ngayon na may debosyon sa mga espiritu, o naniniwala sa astrolohiya, o sumasangguni sa horoskopyo para malaman ang kanilang kapalaran. Kaya hindi na nila itinuturing si Kristo bilang kaisa-isang Tagapagligtas, sa pagnanais nilang umasa sa kanilang sariling pagsisikap at pag-aalay, o sa mga bagay na hindi sa Iglesya.

Ang krisis ng Iglesya noong unang dantaon ang nagbigay sa atin ng sulat na ito, kung saan ipinaliwanag ni Pablo ang lubos na paghahari ni Kristo. Di ba't katulad nito ang nangyayari ngayon? Mula sa mga nagliliyab na isyu tungkol sa karahasan at kapayapaan ngayon, nagiging mas malalim at mas malinaw ang mensahe ni Kristo.

*Tulad ng iba pang mga sulat ni Pablo, binabanggit ng sulat sa mga taga-Colosas si Timoteo na nasa tabi niya. Alam na natin na sa simula pa'y pinili na siya ni Pablo bilang katulong at itinuring siyang kanyang "tunay na anak kay Kristo." Marahil ay mahalaga ang papel ni Timoteo sa pagkagawa ng sulat na ito. Maipaliliwanag din nito kung bakit lubhang naiiba ang estilo sa kay Pablo sa kanyang talagang mga sulat, at kung bakit, sa kabila nito, napakayaman ang nilalaman at palaging tapat sa tunay na diwa ni Pablo.*

**1** • 1 Bati ni Pablo – na apostol ni
Kristo Jesus sa kagustuhan ng
Diyos – at ni Kapatid Timoteo, 2 sa mga
banal at tapat na Kristiyanong kapatid sa
Colosas:
Sumainyo nawa ang kagandahang-
loob at kapayapaan mula sa Diyos na
ating Ama.
3 Lagi kaming nagpapasalamat sa
Diyos at Ama ni Jesucristong ating
Panginoon tuwing ipagdarasal namin
kayo. 4 Nabalitaan nga namin ang inyong
paniniwala kay Kristo Jesus at ang inyong
pag-ibig sa lahat ng banal, 5 bunga ng
inyong inaasahan, na nakalaan sa inyo sa
langit. Ito ang narinig ninyo noong una sa
pangangaral na totoo – ang Ebanghelyo
6 na umabot sa inyo. Nagbubunga ito at
lumalago sa buong daigdig, at gayon din
sa inyo, mula sa araw na marinig ninyo at
makilala ang kagandahang-loob ng
Diyos.
7 Sapagkat natutuhan ninyo ito kay
Epafras, ang aming mahal na kapwa-
utusan na matapat na lingkod ni Kristo sa
pagtulong sa amin. 8 Siya ang nagbalita sa
amin ng inyong pagmamahal ayon sa
Espiritu.
9 Kaya mula nang marinig namin ito,
wala na nga kaming tigil sa aming pag-
darasal; at hinihiling namin na lubos
ninyong matanto ang kagustuhan ng
Diyos nang may espirituwal na karu-
nungan at pagkaunawa.
10 Mabuhay kayong marapat sa
Panginoon at tunay na kalugud-lugod sa
kanya. Mamunga kayo sa lahat ng
mabuting gawa, at lumago sa inyong
pagkakilala sa Diyos.
11 Palakasin nawa niya kayo nang lubos
ayon sa maluwalhati niyang kapang-
yarihan upang makatiis at makatagal
kayo.
12 Masaya ninyong pasalamatan ang
Ama na itinalaga kayong makibahagi ng
mana ng mga banal sa kaharian ng
liwanag.
13 Iniligtas nga tayo sa kapangyarihan
ng dilim, at inilipat sa kaharian ng
kanyang pinakamamahal na Anak. 14 Sa
kanya kayo nagkaroon ng katubusan, ng
kapatawaran ng mga kasalanan.

### Si Kristo ang simula ng lahat

• 15 Siya ang larawan ng di-nakikitang
Diyos,
ang panganay ng tanang nilikha,
16 sapagkat sa kanya nilalang ang lahat ng
nasa langit
at lahat ng nasa lupa,
ang mga nakikita at di-nakikita,

---

• **1.1** Tulad ng dati, pinupuri ni Pablo ang kanyang mga mambabasa. Sa katunaya'y ang impormasyong ibinigay sa kanya ni Epafras tungkol sa mga pinoproblema ng mga taga-Colosas ang dahilan kaya siya sumusulat sa kanila.

Isang lalaking taga-Colosas si Epafras na binabanggit ni Pablo. Nang inoorganisa ni Pablo ang pag-eebanghelyo sa probinsya ng Efeso (tingnan sa Mga Gawa 19:26 at 20:4), hindi siya pumupunta sa bawat lunsod kundi mga asistant niya ang kanyang ipinadadala. Ipinahayag ni Epafras ng Colosas ang Mabuting Balita at sinimulan ang pagbubuo ng mga pamayanan sa Colosas, at pagkatapos ay sa mga karatig-lunsod naman ng Laodicea at Hierapolis (tingnan ang Col 4:13). Siya ang pumunta sa Roma para ipagbigay-alam kay Pablo ang mga problema.

*Ang inyong paniniwala... ang inyong pag-ibig... ang inyong inaasahan...* Laging pinag-iisa ni Pablo ang tatlong lakas na ito ng Kristiyano: maniwala, magmahal, umasa. Magkakasama ang tatlong ito o kaya'y sama-sama ring wala. Iginigiit dito ni Pablo na ang pag-asa ang lakas at puwersang nagpapasigla sa atin para maniwala at umibig. Ang mga mananampalatayang kinakausap ni Pablo, lalo na ang mga nagsasawa na sa paganismo ay naging masigasig nang madiskubre nila na may dakila palang patutunguhan ang buhay at nilikha sila para tanggapin mismo ang buhay ng Diyos.

*Inilipat niya tayo sa kaharian ng kanyang Anak.* Sa pagsunod sa mga kahina-hinalang tagapangaral, isang di-nakikitang daigdig ng mga supernatural na puwersa ang pinagkakaabalahan ng mga taga-Colosas (tingnan Ef 1:21). Mula sa simula'y pinasisimple na ni Pablo ang sitwasyon; wala nang ano pa man liban sa *kapangyarihan ng dilim* at sa *kaharian* ni Kristo.

• 15. Ipinakikita naman ngayon ni Pablo na balewala ang mga anghel o *mga di-nakikitang kapangyarihan* (16) kung ihahambing kay Kristo: hindi siya basta karaniwang taong tagapagligtas dahil bago pa

ang Mga Trono, Pagkahari, Pamunuan,
Kapangyarihan.
Sa pamamagitan niya at dahil sa kanya
nilikha ang lahat:
17 siya nga ang una sa lahat at sa kanya
umiiral ang lahat.
18 Siya rin ang ulo ng katawan, ang
Iglesya.
Siya ang simula, ang unang isinilang mula
sa mga patay
upang manguna siya sa lahat.
19 Pagkat ikinalugod ng Diyos na
manahan sa kanya ang kabuuan,
20 at sa pamamagitan ni Kristo pagka-
sunduin sa kanyang sarili ang lahat,
sa pagbibigay-kapayapaan sa bisa ng
dugo ng kanyang krus,
sa lupa man at sa langit.

• 21 Dati nga kayong malayo sa Diyos at
salungat sa kanya ang inyong kalooban
dahil sa masasama ninyong gawa; 22 ngu-
nit pinapagkasundo kayo ngayon sa kata-
wang-laman ni Kristo – sa pagkamatay
niya, upang maiharap kayo sa kanya
bilang mga banal, walang dungis at
walang kapintasan. 23 Dapat lamang
kayong manatiling matatag at matibay sa
pananampalataya. Huwag na kayong
magpabagu-bago pa; sa halip maging
mahigpit na nakahugpong sa pag-asang
nasa Ebanghelyo na inyong narinig, na
ipinangaral sa tanang nilikha sa silong ng
langit at akong si Pablo ang siyang naging
lingkod.
24 Natutuwa nga ako ngayon sa tinitiis
ko alang-alang sa inyo; ang kulang sa
mga paghihirap ni Kristo ay pinupunan ko
sa aking laman alang-alang sa kanyang
katawan, ang Iglesya. 25 Naging lingkod
ako nito sa pagbibigay ng Diyos sa akin
ng tungkuling tuparin sa inyo ang salita ng

---

siya dumating upang iligtas tayo, nasa Diyos na tagalikha na siya. Tingnan ang katulad nito sa Hebreo 1.

Nagbabago ang mga suliranin sa paglipas ng mga taon. Hindi na naniniwala ngayon ang mga tao na saklaw sila ng mga *di-nakikitang Kapangyarihan* kundi ng mga multinasyonal. Hindi na ikinukumpara si Kristo sa mga anghel kundi sa mga dakilang rebolusyonaryo. Ngunit higit pa si Kristo sa kanilang lahat sa lahat-lahat.

*Siya ang larawan ng di-nakikitang Diyos.* Huwag nating isipin na anyong-tao ang Diyos na nasa itaas ng ulap, at si Jesus ang magiging larawan niya. Pabayaan natin ang mga pantasyang ito sa mga Mormon na para sa kanila'y walang isang talagang Diyos, kundi bawat isa sa kanilang mga diyos ay naging tao muna bago niluwalhati ng isa pang diyos na nauna sa kanya. Alam natin na ang Diyos ay Espiritu at wala siyang katawan.

Ngunit larawan naman ng Ama at ng kanyang awa si Kristo sa piling natin. Ang kanyang mga kilos ang nagtuturo sa atin tungkol sa pag-iisip at paggawa ng Diyos.

At kailangan nating idagdag na bago siya naging tao, nasa Diyos na ang Anak ng Diyos bilang walang hanggan at di-nakikitang Larawan ng walang hanggan at di-nakikitang Diyos, ang Ningning ng Ama (Heb 1:3), ang Wika o Salita ng Diyos (Jn 1:1).

*Ang Panganay ng tanang nilikha.* Si Kristo ay isang nilalang sa kanyang pagkatao, isang taong ipinanganak na inapo ni David. Ngunit sa Diyos nakaugat ang kanyang buhay at kalooban kaya siya ang lumilitaw sa atin na pinakamodelo at *Panganay,* hindi ng mga tao kundi ng buong kinapal. *Ikinalugod ng Diyos na manahan sa kanya ang buong kabuuan,* na parang siya ang tulay sa pagitan ng Diyos at ng sanlibutan. Nasa kanya ang Kabuuan ng Diyos para ibahagi sa sanlibutan, at matatagpuan naman sa kanya ang kabuuan ng sanlibutan kapag nagkasundo at nagkaisa sa kanya ang lahat ng nilalang.

*Sa pamamagitan niya nilikha ang lahat:* Juan 1:1 at Hebreo 1:2.

*Unang isinilang mula sa mga patay.* Hindi namatay si Jesus para lamang makamit ang kapatawaran ng ating mga kasalanan. Bilang Bugtong na Anak, bokasyon niya ang ialay ang sarili at isuko ang lahat para tanggaping muli sa Ama ang Luwalhating laan sa kanya.

*Sa pamamagitan niya pagkasunduin.* Muling inilalahad ang gawain ni Kristo bilang pagkakasundo: pagkasunduin ang mga tao sa Diyos (2 Cor 5:17-21) at pagkasunduin ang buong sangkinapal.

• 21. *Ang katawan ni Kristo* ang lugar kung saan makakamit ang *kapayapaan* ng lahat ng tao sa Diyos, at sa isa't isa (Ef 2:11).

*Upang maiharap niya kayo sa kanya bilang mga banal, walang dungis at walang kapintasan* (b. 22): tingnan ang paliwanag sa Ef 5:26.

*Pinupunan ko ang kulang sa mga paghihirap ni Kristo.* Pagkamatay ni Kristo, may kulang pa rin sa kaligtasan ng mundo kung hindi makakatagpo ng mga pagsubok at paghihirap ang mismong mga tagasunod at mga apostol ni Kristo. Walang pagtatrabaho para sa Iglesya kung walang paghihirap para sa Iglesya. Pagdurusa para sa katarungan ang magtrabaho para sa Paghahari ng katarungan.

Diyos 26 – ang mahiwagang balak na
inilihim sa lumipas na mga panahon at
mga salinlahi, ngunit ngayo'y ibinunyag
sa kanyang mga banal.
27 Gusto ng Diyos na ipakilala sa kanila
ang malaking kaluwalhatiang inilaan ng
mahiwagang balak na ito para sa mga
bansang pagano – si Kristong sumasainyo
ang pag-asa sa kaluwalhatian.
28 Ang Kristong ito ang ipinangangaral
namin sa aming pagwawasto sa bawat isa
at pagtuturo sa bawat isa sa tanang karu-
nungan upang magawang ganap namin
kay Kristo ang lahat ng tao. 29 Ito ang
pinagpapaguran ko sa pamamagitan ng
kanyang kapangyarihang napakalakas
magkabisa sa akin.

**Kay Kristo kayo mabuhay at mag-ugat**

2 • 1 Gusto kong malaman ninyo
kung gaano katindi ang paki-
kipaglaban ko alang-alang sa inyo at sa
mga nasa Laodicea at sa iba pang di pa
nakakita sa aking mukha. 2 Lakasan nila
ang kanilang loob at magbuklod sila sa
pag-ibig para makamtan nila ang yaman
ng lubos na pagkaunawa at maabot nila
ang kaalaman ng mahiwagang balak ng
Diyos, na si Kristo. 3 Sa kanya nga nata-
tago ang lahat ng yamang karunungan at
kaalaman.
4 Sinasabi ko ito para hindi kayo malin-
lang ninuman sa mataas na pangungu-
sap. 5 Hindi nga ninyo ako kapiling sa
katawan, ngunit sumasainyo naman ang
aking espiritu, at nagagalak akong makita
ang inyong maayos na hanay at ang
katatagan ng inyong pananampalataya
kay Kristo.
6 Tinanggap na ninyong Panginoon si
Kristo Jesus: kaya mabuhay kayo sa
kanya. 7 Sa kanya nawa kayo mag-ugat at
sa kanya matayo. Magpakatatag kayo sa
pananampalataya ayon sa itinuro sa inyo,
at labis-labis na magpasalamat.
8 Mag-ingat sana kayo, at baka malin-
lang kayo sa pamamagitan ng pilosopiya
at walang saysay na pananalitang galing
sa aral ng mga tao, batay sa karunungan
ng mundong ito at hindi ni Kristo. 9 Sa
kanya naging katawan ang kabuuan ng
pagka-Diyos na nananahan sa kanya.
10 Kaya napuspos naman kayo sa kanya
na siyang ulo ng mga Pamunuan at mga
Kapangyarihan.

---

*Mahiwagang balak:* tingnan sa Ef 3:5. Alalahanin natin na noong panahong iyon, walang sinumang nakaisip na may isang hantungan ang lahat ng tao. At saka maging Griyego o Romano ay wala nang anumang nakikita pagkatapos ng buhay na ito. Namangha si Pablo sa kagandahang-loob ng Diyos na ang mga pangako ay para sa lahat ng tao nang walang pagtatangi (27). At walang ibang iniaalok sa atin kundi ang makibahagi sa Luwalhati ng Diyos o sa lahat ng kayamanang nasa kanya.

• **2.**1 *Gusto kong malaman ninyo kung gaano ang pakikipaglaban ko para sa inyo.* Sinasabi ni Pablo na mahirap ang trabaho ng apostol kung hangad niyang mag-ebanghelyo sa mga tao upang mapalaya sila ng Ebanghelyo. Ngunit napakadali namang gawing isang relihiyong sinasang-ayunan at pinupuri ng lahat ang Kristiyanismo, isang relihiyong hindi bumabago sa mga nananampalataya ni tumutuligsa sa mga ugat ng kasamaang nakapaloob sa buhay ng lipunan. Nangangahulugan ng lubos na pagpapagal ang *pakikibakang* ito pati na ang panalangin (4:2 at Rom 15:30).

*Baka kayo madaya.* Nasabi na ito ni Pablo sa Galasya at uulitin naman niya sa pinakahuli niyang sulat (2 Tim 4:3). Maraming ideolohiya sa mundo. Kayat naiimpluwensiya ng kalakaran ng modernong pag-iisip kahit na ang mga taong walang alam sa pilosopiya. Hindi naman sadyang masama ang mga pilosopiya at mga ideolohiya, sa katunayan nga'y laging may totoo sa mga ito. Ngunit ang panganib ay nasa waring pagbibigay ng mga ito ng ganap na kasagutan sa ating mga suliranin. At dito'y walang-salang nabibigo ang mga ito sapagkat sa mula't mula pa'y winawalang-bahala ng mga ito ang nasa tao. Si Kristo lamang ang nagpapakilala sa atin kung sino tayo.

Ang pagtanggap natin sa *karunungan ng mundong ito* bilang ganap na katotohanan ang siyang kinokondena ni Pablo. Mga doktrina ng tao ang mga ideolohiyang iyon kaya nagkakamali ang mga iyon kahit na gusto nilang palitan ang siyensya gaya ng Marxismo: bunga sila ng kanilang panahon at lumilipas din sa paglipas ng panahon.

• 11. Ayaw ni Pablo na maramdaman ng mga taga-Colosas na obligado silang magpatuli at mamuhay ayon sa Batas ni Moises. Sapagkat alam

**Bininyagan at binuhay**

• 11 Sa kanya rin kayo tinuli; hindi ko
tinutukoy ang pagtutuling gawa ng tao,
kundi ang pagtutuli ni Kristo upang huba-
rin ang buong katawang laman. 12 Nang
kayo'y binyagan, nalibing kayong kasama
niya; at sa inyong pagsampalataya,
ibinangon kayo ng lakas ng Diyos na
nagbangon sa kanya mula sa mga patay.
13 Patay rin kayo noon sa inyong mga
kasalanan at hindi tuli sa inyong laman;
ngunit binuhay kayo ng Diyos kasama ni
Kristo at pinatawad ang ating mga
pagkakasala. 14 Kinansela niya ang lista-
han ng ating pagkakautang sa mga utos;
inalis niya ito at ipinako sa krus. 15 Pina-
walang-bisa niya ang mga Pamunuan at
Kapangyarihan at hinamak sila sa harap
ng lahat at hinila silang nakatanikala sa
tagumpay niya kay Kristo.

**Mga walang saysay na kautusan**

• 16 Kaya hindi kayo matutuligsa tung-
kol sa pagkain o pag-inom, o dahil binale-
wala ninyo ang anumang piyesta o
Bagong Buwan o Araw ng Pahinga. 17 Ang
mga ito'y anino lamang ng darating, anino
ni Kristo. 18 Huwag ninyong pabayaang
maagawan kayo ng premyo ng mga may
gustong magpakaaba at maglingkod sa
mga anghel. Sa sariling mga pangitain
lamang nila sila sumusunod at sa isipang
galing sa laman napupuno, 19 sa halip na
kumapit sa Ulo. Sapagkat siya ang nama-
mahala sa katawan sa pamamagitan ng
mga nerbyo at pagkakahugpong para
patatagin ito at lumaki – ang paglaking
ayon sa Diyos.
20 Kasama ni Kristo, namatay kayo sa
mga prinsipyo at simulain ng mundo. Kayat
bakit ninyo pinababayaang tuligsain kayo
na parang nabubuhay pa kayo sa mundo?
21 Ano nga ba ang mga ito: "Huwag hawa-
kan, huwag tikman, huwag hipuin"? 22 Ka-
utusan at aral ng tao ang mga ito na tungkol
lamang sa mga bagay na ginagamit at
nasisira. 23 Parang pananalita ng karunu-
ngan dahil sa kanilang kabanalan, kaba-
baang-loob at pagpapahirap sa katawan,
ngunit wala itong lakas laban sa paghihi-
magsik ng laman.

---

niya mula sa sariling karanasan ng pagiging tuli at pamumuhay sa ilalim ng Batas na hindi ito nakapagligtas sa kanya.

Hindi sapat na kapirasong balat lamang ang tanggalin sa pagtutuli: ang buong *katawang-laman* higit sa lahat ang kailangang tanggalin. Ayon kay Pablo, hindi ito nangangahulugan ng pagpapakamatay ngunit ng pagpatay sa pagkamakasarili, katusuhan, pag-iimbot, labis na pagtitiwala sa sarili – sa lahat ng ito lumalaganap ang kasalanan. Para sa mga Kristiyano, pinapalitan ng binyag ang pagtutuli at nangangahulugan ito ng kamatayan ng *katawang-laman*. Sinasakal natin ang makasalanang nasa ating mga sarili, at umaahon tayong "muling nabuhay" kay Kristo mula sa tubig. Maliwanag na lubos na nagaganap ang kamatayan at pagkabuhay na ito kung nabubuhay tayo at namamatay ayon sa mismong nangyayari sa binyag.

Walumpu't lima sa bawat sandaang Pilipino ang binyagan sa ating bansa pero ang totoo'y wala namang anumang binabago ang binyag sa kanilang buhay. Karaniwa'y hindi kabilang ang marami sa mga Kristiyanong ito sa alinmang pamayanang nagtataguyod ng pagbabago. Kailangan pa rin nilang gumising, dumanas ng sagad na pagbabago: bininyagan nga sila pero hindi naman nabuhay.

*Kinansela niya ang listahan ng ating pagkakautang* (14). Sa ipinakong laman ni Jesus nagwakas ang kalupitan ng mga puwersa ng kasamaan: nabigo ang mga ito sapagkat naubusan ng lakas ang karahasan laban sa ayaw gumanti.

Nawalang-saysay ang Batas (tingnan sa Roma 6 at 7). Binubuksan ng sakripisyo ni Kristo ang bagong panahon ng paglaya ng mga tao mula sa lahat ng nagpapabigat sa kanilang hantungan (Gal 4:3).

• 16. *Kaya hindi kayo matutuligsa*. At bakit natutuligsa tayo ngayon ng ilang Kristiyano sa pagdiriwang natin ng Linggo, sa Pagkabuhay ng Panginoon, sa halip na Sabado, sa Araw ng Pahinga ng mga Judio?

*Aral na parang pananalita ng karunungan*. Lagi nang mga pagbabawal ang nakakatawag-pansin sa mga taong hindi pa lumalaya sa pagkatakot sa Diyos. Ngunit sa halip na magpalaya ang mga ito sa kanila at maghatid sa pagtitiwala ng mga anak ng Diyos, ang mga pagbabawal na ito ang lalong nagpapagingsarado sa kanilang mga espiritu at nagpapakitid sa kanilang isipan.

*Pagpapahirap sa katawan*. Ang kusang-loob nating pagpapakasakit at mga sakripisyo ay maaaring maging daan para pahalagahan natin ang ating mga sarili at maramdamang mas magaling tayo sa iba.

**Hanapin ang mga bagay sa itaas**

**3** • 1 Kung ibinangon nga kayong
ka sama ni Kristo, hanapin ninyo
ang mga bagay sa itaas; naroon si
Kristong nakaluklok sa kanan ng Diyos.
2 Isipin ninyo ang mga mula sa itaas, hindi
ang mga makalupa. 3 Namatay kayo, at
sa Diyos natatago ang inyong buhay
kasama ni Kristo. 4 Sa pagpapakita kay
Kristong buhay natin, ipakikita rin kayong
kasama niya sa kaluwalhatian.
5 Kayat patayin ninyo ang lahat ng
makalupang nasa inyo: pambababae,
kahalayan, masamang pagkahaling,
masamang pagnanais, at kasakiman na
pagsamba sa mga diyus-diyusan. 6 Ito
ang ikinagagalit ng Diyos.
7 Ito ang dati ninyong pagkilos, at
nabuhay kayo sa mga bagay na ito.
8 Ngunit itakwil ninyo ngayon ang lahat ng
ito: poot, galit, paghihinala; huwag nang
magsalita ng pag-insulto at nakahihiyang
pananalita. 9 Huwag na kayong magsinu-
ngaling sa isa't isa.

**Isuot ang bago**

• Hinubad na ninyo ang Lumang Tao
pati ang kasamaan nito. 10 Isuot ninyo ang
Bago na patungo sa ganap na kaalaman,
na siyang nagbabago ayon sa larawan ng
Lumikha sa kanya. 11 Doo'y wala nang
Griyego at Judio, tuli at di-tuli, dayuhan at
barbaro, alipin at malaya, kundi si Kristo
ang lahat-lahat at sumasalahat.
12 Kaya magbihis kayo bilang mga ba-
nal at minamahal na hinirang ng Diyos:
isuot ninyo ang habag, kabutihang-loob,
kababaang-loob, kabaitan at malawak na
pang-unawa.
13 Pagtiisan ninyo ang isa't isa at
magpatawaran kung may pagtatalo kayo.
Magbigayan kayo gaya ng pagbibigay sa
inyo ng Panginoon. 14 At higit sa lahat,
magkaroon kayo ng pag-ibig na nagbu-
buklod sa lahat para sa kaganapan.
15 Maghari sa inyong mga puso ang
kapayapaan ni Kristo, na siyang dahilan
ng pagkatawag sa inyo sa iisang katawan.
16 Manahang masagana sa inyo ang
salita ni Kristo; magturuan kayo nang
may karunungan at patatagin ang isa't isa
sa mga salmo, papuri at awiting espiri-
tuwal. Pasalamatan ninyo at awitan ang
Diyos sa inyong mga puso. 17 Ano man
ang gawin ninyo, sa salita o sa gawa,
gawin ninyo ang lahat sa ngalan ng
Panginoong Jesus at magpasalamat sa
Diyos Ama sa pamamagitan niya.

**Tungkol sa pagsunod**

• 18 Mga babae, sundin ninyo ang
inyong mga asawa, tulad ng nararapat sa
mga Kristiyano. 19 Mga lalaki, mahalin
ninyo ang inyong mga asawa at huwag
maging masungit sa kanila. 20 Mga bata,
sundin ninyong lubos ang inyong mga
magulang, sapagkat ito ang karapat-
dapat sa mga Kristiyano. 21 Mga ama,
huwag ninyong inisin ang inyong mga
anak, at baka manghina ang kanilang
loob.
22 Mga alipin, sundin ninyong lubos ang

---

• **3.**1 Ipinagpapatuloy rito ang nabanggit na tungkol sa binyag (2:12) na nagbubuklod sa atin kay Kristo at ginagawa tayong kabahagi sa lahat niyang kayamanan. Mula nang umalis si Kristo sa mundong ito, iniiwan din natin ito: ang pinakamabuti sa ating buhay, ang nagbubunsod sa atin para gumawa ay hindi nakikita ni mula sa mundong ito. Ang Diyos lamang ang nakaaalam sa mga yaman ng puso ng mananampalataya, kahit na parang may bahid ng iba't ibang pagkakamali at kahinaan ang kanyang buhay. Bahala ang Diyos na ipakita balang araw ang kabutihan, ang "luwalhati" na hindi pa natin nakikita (tingnan Mt 25:31-46).

• 9. *Tingnan ang Efeso 4:20-24 kung saan pinauunlad ni Pablo ang parehong idea tungkol sa bagong taong nilikha kay Kristo at sa lumang tao na kailangang talikuran.*

Samantalang makasarili, alipin ng silakbo ng damdamin ang *lumang tao*, ang *bagong tao* nama'y nakikilala sa pakikipagkapwa nito at laging pagmamalasakit sa kapwa. Nabubuhay siya nang may pagpapasalamat sa puso.

• 18. Hindi matatanggap ni Pablo ang palagay ng maraming Kristiyano na nagsasabing: "Walang pakialam ang relihiyon sa ginagawa ko sa aking ta-

inyong mga amo sa lupa, hindi para
magpakitang-tao lamang o magbigay-
lugod sa mga tao kundi nang may
matapat na puso na parang sa Panginoon.
23 Ano man ang inyong ginagawa, gawin
ninyo nang may malawak na pang-
unawa, na parang sa Panginoon at hindi
sa mga tao. 24 Kay Kristong Panginoon
nga kayo naglilingkod; alam ninyo na
pamamanahan kayo ng Panginoon bilang
gantimpala. 25 Tatanggapin din ng taong
masama ang bawat masamang ginawa
niya, sapagkat walang taong itinatangi
ang Diyos.

**4** 1 Mga amo, ibigay ninyo sa mga
alipin ang marapat at matuwid; alam
ninyo na may Panginoon din kayo sa
langit.

**Iba pang tagubilin**

• 2 Magpatuloy kayo sa pananalangin
at magdamag na magpasalamat.
3 Ipagdasal ninyo na magbukas ng pinto
ang Diyos sa ating salita at maipangaral
ko ang misteryo ni Kristo, na dahil dito
kaya ako nakagapos. 4 Maipahayag ko
nawa ito gaya nang nararapat.

5 Malaman sana ninyo kung paano
pakikitunguhan ang mga nasa labas, at
samantalahin ang panahon. 6 Magkaroon
kayo ng kasiya-siyang pag-uusap na may
kabuluhan at malaman nawa ninyo kung
paano sasagutin ang bawat isa.

7 Ibabalita sa inyo ni Tikico ang tungkol
sa aking kalagayan. Mahal na kapatid at
matapat na katulong siya at lingkod na
kasama ko sa Panginoon. 8 Sinugo ko siya
sa inyo upang malaman ninyo ang aming
kalagayan; palalakasin niya ang inyong
loob. 9 Kasama niya si Onesimo na mata-
pat at mahal na kapatid, na isa sa inyo.
Ibabalita nila sa inyo ang lahat ng nang-
yari rito.

10 Binabati kayo ni Aristarco na kasama
ko sa kulungan, at ni Marcos na pinsan ni
Bernabe (tumanggap kayo ng mga
tagubilin tungkol sa kanya; at kung

---

hanan, sa aking trabaho, sa aking pagpapahinga, sa pulitika." Ngunit sinasabi ni Pablo na isinasabuhay ng Kristiyano ang lahat sa harap ng Panginoon, para sa Panginoon at sa Panginoon.

Kaya iisang moralidad ang ipinangangaral ni Pablo sa lahat, babae man o lalaki, o mga alipin (para sa atin nama'y mga amo at mga trabahador). Lahat ay kailangang maging matuwid, matapat at lubos na magalang sa kapwa, kahit na may mga kapintasan pa man sila. Sa katagalan, nagbunga ng mga ekstraordinaryong pangyayari ang mga prinsipyong ito: nasugpo ang pang-aalipin, kumaunti ang poligamya (o pagkakaroon ng maraming asawa) kahit na sa mga bansang di-Kristiyano, naging malaya ang mga kabataan sa pagpili ng mapapangasawa, atbp. Kailangan tayong makibaka para makamit ang mga pagbabago, at ipagtanggol ang mga karapatan. Subalit mahalaga na magkaroon muna ng kakayahan at maging tapat sa kanilang trabaho ang mga aktibo sa unyon o pulitika. At maging makatwiran sila at malinis sa kanilang pakikibaka at matapat sa kanilang mga komitment. Kung hindi, hindi nila dapat tawaging Kristiyano ang kanilang mga sarili.

• **4.**2 *Ipinaliliwanag ang lahat ng ito sa Efeso 6:18-21.*

Isang takas na alipin si Onesimo. Bumalik siyang kasama ni Tikico sa Colosas matapos siyang dalhin ni Pablo sa pananampalataya (tingnan ang Sulat kay Filemon).

Kasundo na ngayon ni Pablo ang ebanghelistang si *Marcos* (tingnan sa Mga Gawa 15:38) at kasama niya ito. Si *Lucas* (14) naman na binabanggit dito ang siyang sumulat ng Ebanghelyo at ng Mga Gawa.

Makikita natin na napakaraming pakikipagtalastasan sa mga Iglesya sa iba't ibang lugar. Hindi nagkukulong ang bawat isa sa sarili nitong pamayanan, sapagkat kung nagkagayo'y biglang magiging sindami ng mga Iglesya ang mga relihiyon sa loob lamang ng maikling panahon. Ngunit alam nila at kanilang nadarama na sila ang Iglesya ni Jesus na itinayo sa iba't ibang lugar ngunit may iisang patotoo lamang tungkol kay Kristo.

Ito ang dahilan ng interes ng mga sumasampalataya na pag-ibayuhin ang kanilang pagkakabuklod. Sa panahon na parang mahirap pangalagaan ang pagkakaisa dahil sa layo at pagkakaiba't iba ng mga bayan, ang lakas na talagang nagpanatili sa pagkakaisa ay ang malalim na pagkaunawa na nadarama ng bawat isa – higit kaysa isang mahigpit na organisasyon – na isang "pagkakabuklod" ang Iglesya, isang pinagbuklod na pamayanang binibigyang-buhay ng Espiritu ni Kristo.

Sa pagsisimula natin ngayong bumuo ng "maliliit na pamayanang Kristiyano", kailangan din nating tiyakin na bukas tayo at may mabuting relasyon sa iba pang mga pamayanan.

sakaling dumating siya, tanggapin sana
ninyo siya) – 11 at ni Jesus na tinatawag na
Justo. Mula sa mga tuli, sila lamang ang
nagtatrabahong kasama ko para sa kaha-
rian ng Diyos, kaya konsuwelo sila para
sa akin.

12 Binabati kayo ng inyong kababayang
si Epafras na utusan ni Kristo Jesus. Lagi
siyang nagmamalasakit sa inyo sa
kanyang mga pagdarasal upang mag-
patuloy kayo sa pagiging ganap at buo
ayon sa kagustuhan ng Diyos. 13 Pinato-
totohanan ko ang labis niyang pag-aalala
sa inyo at sa mga taga-Laodicea at
Hierapolis.

14 Kinukumusta kayo ni Lucas na
mahal na doktor at ni Demas. 15 Kumus-
tahin ninyo ang mga kapatid sa Laodicea,
sina Ninfas at ang iglesya sa kanyang
tahanan.

16 Pagkabasa ninyo sa sulat na ito,
ipabasa rin sana ninyo ito sa Iglesya ng
Laodicea, at basahin naman ninyo ang
sulat sa mga taga-Laodicea. 17 At sabihin
kay Arquipo: "Asikasuhin mo ang pagli-
lingkod na tinanggap sa Panginoon."

18 Akong si Pablo ang mismong sumu-
sulat ngayon ng pagbating ito: alalahanin
ninyo ang aking mga gapos. Sumainyo
ang kagandahang-loob.